# BATINGAW

DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2009

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

**Website:** http:///www.camarinesnorte.gov.ph **E-mail:** cao_cnorte@yahoo.com



**nasa loob**

EDITORYAL 4

PIKTORYAL 7

Salamat Gob HELP column p 2


# Bagasbas Beach Park binuksan sa publiko

Pinangunahan ni Gobernador Jesus 'Atoy' O. Typoco, Jr. ang *ribbon-cutting* at *opening ceremonies* noong Nobyembre 14, 2009 na naghudyat sa pormal na pagbubukas ng Bagasbas *Beach Park* sa publiko.

Sa mensahe ng gobernador, sinabi nito na ang Bagasbas *Beach* ay matagal nang dinarayo ng mga turista dahil sa likas na ganda at malalaking alon nito na kinagigiliwan ng mga *surfers*. Pinasimulan din niya ang Bagasbas *summer surf, surfing* at *Frisbee clinics, wall climbing, skim*

*(Sundan sa pahina 2)*




*Pinangunahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang pagpapasinaya ng Bagasbas Beach Park na binasbasan ni Fr. Jose Julian, Parish Priest ng Divine Mercy sa Brgy. Alawihao, Daet, na nakatuwang ng gobernador sa paggupit ng laso na naghudyat sa pormal na pagbubukas nito sa publiko. Ang naturang parke ay may clubhouse style na bulwagan at ilang mga palaruang pasilidad na akmang-akma lalo na sa mga kabataan na darayo sa Bagasbas Beach.*

# Provincial Jobs Fair ginanap dito

Libu-libong residente mula sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan ang lumahok sa 2-araw na *Provincial Jobs Fair/Jobs Bridging Event and Processing of NBI Clearance*. Ginanap ito noong Nobyembre 19-20, 2009 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*.

Isinagawa ito ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office (PESO)* sa pakikipagtulungan ng *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), National Bureau of Investigation (NBI), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA)* at *Department of Labor and Employment (DOLE)*.

Ito ay isang oportunidad sa ating mga kababayan na naghahanap ng trabaho sa lokal o ibayong -dagat man. Sa pamamagitan din ng 2-araw na aktibidad, maraming residente rito ang nakakuha ng kanilang *NBI clearance* na hindi na kailangang magtungo pa sa NBI *Regional Office* sa Legazpi *City*; iwas-abala na, menos-gastos pa. Ang *NBI clearance* ay isang dokumento na karaniwang hinihingi ng mga kumpanya at tangga-

**(Sundan sa pahina 6)**




***Ang Jobs Bridging/Jobs Fair na inorganisa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte katuwang ang TESDA, POEA, DOLE at NBI na dinayo ng mga naghanap ng trabaho mula sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan.***




## Bagasbas...

***(Mula sa pahina 1)***

*boarding*, at iba pang *beach sports/activities* para mas pasiglahin ang turismo. Malugod din niyang ibinalita na ang lalawigan ng Camarines Norte ay pangatlo sa buong Rehiyong Bikol at panlabindalawa sa buong Pilipinas sa bilang ng mga turistang dumarating dito.

Kaugnay nito, hiningi muli ni Gob. Typoco ang tulong ng mga kinauukulang opisyal at mamamayan para mas mapaunlad ang industriya ng turismo rito na maghahatid ng oportunidad sa negosyo, trabaho at kita ng kabangbayan. Sinabi niya na ang Bagasbas *Beach Park* ay para sa lahat na naghahanap nang maayos at ligtas na lugar-pasyalan at laruan. Idinagdag din niya na magsasagawa sa parke ng iba't-ibang aktibidad tulad ng mga tugtugan, panoorin, palaro, kumpetisyon at iba pang angkop na gawain.

Samantala, dumating din sa okasyon sina dating Kongresista Renato 'Jojo' Unico, Jr. at dating Daet *Vice Mayor* Felix Abogado. Dumalo rin ang mga *barangay councils* ng bayan ng Daet sa pangunguna ng kani-kanilang punong barangay.

Sa programang isinagawa, pinangasiwaan ni Rev. Fr. Jose Julian ng *Parish of the Divine Mercy*, Bryg. Alawihao, Daet ang pagpapasinaya sa parke. Nagbigay rito ng *welcome address* si PB Lolito Solana ng Brgy. Bagasbas, Daet, at *closing remarks* mula kay Bokal Arthur Michael G. Canlas.


Ang pagpapakilala naman kay Gob. Typoco bilang panauhing tagapagsalita ay pinangasiwaan ni Maria Cristina C. Rano, pangalawang pangulo ng Liga ng mga Barangay (LNB) dito sa bayan ng Daet. Nagbigay rin ng masisiglang mga tugtugin ang Daet *Elementary School Drum and Lyre Corps*. Ang daloy ng programa ay pinangasiwaan naman ni *Tourism Officer-Designate* Edgardo 'Boy' R. Reyes. ***LT IBASCO***

## Salamat Gob HELP column

### Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| Nov. 3 | • Mark Paul Garcia of Purok V, Brgy. Borabod, Daet for basketball tournament | P500.00 |
| | • Nancy k. Jorilla of Purok V, Brgy. Mantagbac for operation | 1,000.00 |
| 10 | • Paul Mark G. Mata of Magallanes Ilaod, Daet for his expenses in taking Civil Service Professional Exam | 200.00 |
| | • Emilyn V. Cruel of Versatile Brain Vocational School for graduation ceremonies | 500.00 |
| 12 | • Virgnia Acero of Purok 8, Urban Poor, Brgy. Alawihao, Daet for hospital bill | 500.00 |
| | • Francisco Gallego of Daet for the Evacuation of his children from Marikina to Daet | 500.00 |
| | • Rodolfo Abanes of Brgy. Alawihao, Daet for assistance as a typhoon victim | 500.00 |
| | • Eloisa Chavez of Daet for Youth for Christ fellowship gathering | 1,000.00 |
| 16 | • Theresa N. Bacolor of Camarines Norte State College for her tuition fee | 1,200.00 |
| | • Eugenio Extremadura of Camarines Norte School of Law for his tuition fee | 16,550.00 |
| | • Neneth Ubana of Manguisoc Elementary School for the Regional Press Conference registration fee | 1,500.00 |
| | • Leny D. Calajate of Daet Elementary School for funds to complete the Regional Press Conference | 1,000.00 |
| | • Ruben Garcia of Purok I, Brgy. I, Daet for joining in billiard tournament | 1,000.00 |
| | • Miguel Caritas of Daet for his children to join Fourth Pasig Heritage International Marathon | 1,000.00 |
| | • Carl Benson Carreon of Vinzons Aveue, Daet for purchasing of roofing materials for their school, St. Luke Christian School and Learning Center | 2,000.00 |
| | • PB Ismael Talento of Brgy. San Isidro, Daet for paying his account in Honda Prestige | 15,000.00 |
| 23 | • Elena Dy of Purok I, Brgy. IV, Daet for her birthday | 500.00 |
| | • Rodolfo Ibasco of Purok I, Brgy. IV, Daet for billiard tournament entitled "Pamaskong Palao para sa mga Kabataan" | 2,000.00 |
| | • Lody Poot, Purok 8, Brgy. IV, Daet fro transportation expense | 500.00 |
| 25 | • Yolanda Jarapa of Brgy. Bakiad, Labo for Christmas gift giving | 500.00 |
| 27 | • Alexander Vasquez of Grand Monde for their 13th year anniversary | 500.00 |
| | **TOTAL** | **P48,950.00** |

# Small-scale mining operators sa Labo at Paracale dumalo sa pulong na ipinatawag ng EERMD-GO, MGB at PMRB





Sa paanyaya nina Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. at *Regional Director* Reynulfo A. Juan ng *Mines and Geosciences Bureau (MGB)*, Legaspi City at *Chairman* ng *Provincial Mining Regulatory Board (PMRB)*, dumalo ang lahat ng *operators* ng *Small Scale Gold Mineral Processing Plant (SSGMPP)* mula sa mga bayan ng Paracale at Jose Panganiban sa isang pulong na idinaos sa tanggapan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor* noong Oktubre 23, 2009.

Dumalo rin sa pulong ang hepe ng himpilan ng pulisya ng bayan ng Jose Panganiban, mga opisyal ng *Yinlu BiCol Mining Corporation* sa Paracale, mga kinatawan ng *Estate of Isabelo Fonacier* at mga mamamahayag ng *Peninsular News*.

Pinangunahan ni *Regional Director* Juan ang pagtalakay sa mga usapin at problema sa pagitan ng mga may-ari ng *SSGMPPs* na nagiging sanhi sa pagkabalam ng kanilang operasyon. Ito ay dahil karamihan sa kanila ay hindi pa nabibigyan ng kaukulang permiso mula sa Tanggapan ng Gobernador.

Ayon sa mga *operators*, isa sa pinakamahirap na *requirement* na hinihingi sa kanila upang maisyuhan ng *mineral processing permit* ay ang lehitimong pagkukunan ng *"tailings"* na kanilang ginigiling. Ganoon pa man, nagsisikap naman umano sila na makakuha nito.

Sinabi naman ni Edgar Varde, may-ari ng *Elybel Mineral Resources* at may *Small Scale Gold Mineral Processing Permit No. 003-2009*, ang *United Paragon Mining Corp. Leases Areas* sa Paracale ang pinagkukunan nila ng *gold ore* para sa kanilang *processing plant.*

Nangako naman si *RD* Juan na susubukin niyang kausapin ang nasabing kumpanya ng mina na mabigyan din ng pahintulot ang iba pang *operators* na makapagmina sa kani-kanilang lugar *(area)* para sa tuluy-tuloy at *legal* na operasyon ng mga *gold mining processing plants* sa nasabing mga munisipalidad. Nanawagan din siya sa mga may-ari ng mga planta na itigil muna ang kanilang operasyon habang wala pa silang permiso mula sa kinauukulang tanggapan.

Ang kahilingang ito ni *RD* Juan ay kinatigan ng kinatawan at *Pollution Control Officer* ng *Northern Island Builders and Development Corporation* na si Marumo. Aniya, nararapat lang at makatwiran na sumunod ang lahat sa panawagan ng *regional director* upang di naman maging *"unfair"* sa iba na sumusunod sa batas na katulad nila na isa ring aplikante para sa permiso ng kanilang *gold mining processing plant* sa Brgy. San Rafael, Jose Panganiban.

Sa kabila nito, marubdob namang nakiusap ang ilan sa mga may-ari ng mga plantang wala pang permiso na pansamantala silang payagang makapag-*operate* habang inaasikaso nila ang iba pang kailangang papeles. Ang dahilan umano ng kanilang pakiusap ay para sa mga manggagawa nila na umaasa lamang ng ikabubuhay ng pamilya mula sa operasyon ng planta.

Bilang tugon sa pakiusap, pinayuhan ni *RD* Juan ang mga may-ari ng planta na ipaabot na lang ang kanilang kahilingan sa Tanggapan ng Gobernador sa pamamagitan ng isang liham. *(GC BINAY)*




***Ginanap sa EERMD-G.O ang pulong ng mga operators ng SSGMPP sa Labo at Paracale na pinangasiwaan ni Regional Director Reynulfo A. Juan (dulong kanan) ng Mines and Geo-sciences Bureau (MGB), Legaspi City at Chairman ng Provincial Mining Regulatory Board (PMRB) na dinaluhan ng iba pang miyembro ng PMRB at mga kinatawan mula sa mga katuwang na ahensya at tanggapan ng pamahalaan.***

# CPC project areas binisita ng UNICEF Communication Team

Dumating noong Lunes, Nobyembre 9, 2009 ang bagong katatalagang *Area Liaison Officer of UNICEF for* Camarines Norte na si *Angela Travis* para sa kanyang 3-araw na pagbisita sa ilang *Sixth Country Programme for Children (CPC 6) project areas* dito sa lalawigan.

Isa sa mga layunin ng pagdalaw niya rito simula Nobyembre 9-11 ay ang makakuha ng mga *true-to-life stories* o tunay na kuwento ng buhay ng mga kabataan sa mga *child-friendly schools* at *day-care centers* sa lalawigan gayundin ang mga gawain na may kaugnayan sa malnutrisyon at proteksyon sa mga kabataan.

Sa pagdating dito ni Travis sa Lunes kasama ang *United Nations Children's Fund (UNICEF) Communication Team*; agad silang nag-*courtesy call* sa Tanggapan ni Goernador Jesus O. Typoco Jr.. Matapos ito, nakipagpulong ang kanyang grupo sa *Provincial Technical Working Group (PTWG)* ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6), Provincial Communication Task Force* at Kabataan *News Network (KNN)*-Camarines Norte.

Noong Nobyembre 10, nag-*courtesy call* muna sila kay Jose Panganiban *Mayor* William Lim bago binisita ang mga *disparity areas* doon na naapektuhan ng bagyong 'Santi' tulad ng Brgy. Parang at Brgy.

*(Sundan sa pahina 6)*






# EDITORYAL

## Karahasan at Diskriminasyon sa mga kababaihan at kabataan, wakasan!

Sa patuloy na paglabag sa mga karapatan ng mga kababaihan at mga kabataan, muling inilunsad ang 18-araw na pambansang kampanya mula Nobyembre 25 hanggang Disyembre 12, 2009 upang wakasan ang karahasan laban sa mga kababaihan na pinangungunahan ng *National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW)* kasama ang *Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT)* at *Inter-Agency Council on Violence Against Women and Children (IACVAWC).*

Ang kampanya sa ilalim ng temang: "*Commit-Act-Demand: We Can End Violence Against Women*", ay naglalayong isulong ang karapatang pangtao ng mga kababaihan at alisin ang lahat ng uri ng kalupitan at diskriminasyon sa kababaihan at kabataan kung saan, kinilala rito ang mga grupo at indibidwal na kumikilos upang mapalitaw at pansinin ng buong mundo ang isyu ng VAW, hikayatin ang bawat isa na kumilos ayon sa kanikaniyang kakayahan upang wakasan ang VAW, at hingin ang pagsusulit ng lahat ng nagbigay ng pangako upang mapuksa ang kalupitan laban sa kababaihan.

Sana, mapag-ibayo pa ang katulad na pagkilos, dito mismo sa ating lalawigan, upang ang mga nakasusuklam at nakapanlulumong gawaing tulad ng pagkakalakal o pambubugaw sa sariling asawang babae, ó anak na babae man, na ginagawa ng mismong kani-kanilang mga asawa, ó mga magulang, sa may panulukan ng ating mga kalsada ay hindi na natin makita pa; upang ang mga pambubugbog at iba pang kalupitan sa babae at kanyang mga anak ay hindi maging dahilan ng ibayo pang problemang pampamilya na nagdudulot din ng napakalaking problemang panlipunan.

Sana, kumilos po tayong lahat! VAWC ay wakasan!

## Semi-Annual Dialogue of the Pillars of Justice isinagawa; proteksyon at rehabilitasyon ng mga CICLs binigyang-pansin

Isinagawa kamakailan sa *Central Plaza Restaurant*, Daet ang *Semi-Annual Dialogue of Pillars of Justice* na dinaluhan ng mga huwes *(judges)*, *prosecutors*, mga abogado mula sa *Public Attorney's Office (PAO)* at *clerks of courts* gayundin ang mga *social workers* at pamunuan ng *Women and Children's Concerns Desks (WCCDs)* ng

**(Sundan sa pahina 8)**




*Ang pamunuan ng Pillars of Justice habang tinatalakay ang mga naiengkwentrong isyu at usapin sa paghawak sa kaso ng mga batang biktima ng pang-aabuso at ang mga nakapaglabag sa batas. Makikitang nakaupo sa presidential table sina: (Mula sa kaliwa) Daet MTC Judge Ramon Arejola, RTC Br. 39 Judge Winston Racoma, Basud MTC Judge Victoria Reyes, BJMP Chief Atty. Reynaldo Paguirigan, Jr., PSWDO Lorna de Claro (nakatalikod), Bokal Teresita Malubay, at ang 3 PAO lawyers, habang tumatayong moderator si CAO IV Purita Briñas. Ang iba pang mga nagsidalo sa larawan ay mga escribana ng mga husgado, mga social workers, government doctors, WCPDs at jail officers.*

## CNorte Bulawan Gold Exhibit...





*Ang ilang mga modelo habang suot ang mga alahas na itinampok sa Bulawan Gold Exhibit sa Ayala Museum; at ang mga gawang alahas na idinesenyo ni Dr. Joaquin Gasgonia Palencia na tubong-Camarines Norte..*

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

**(Mula sa pahina 10)**

*sources*, na siyang magbubukas ng bagong oportunidad, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng *Camarines Norte Investment Incentive Board (CNIIB)* na pinamumunuan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr., ang *Department of Trade and Industry Provincial Office (DTI PO)* sa pangunguna ni *Dir.* Ernesto Pardo at sa tulong ng *Provincial Plan-*

**(Sundan sa pahina 8)**

# Ecological quiz at oratorical contests isinagawa ng EERMD-G.O. kaugnay ng 2009 Aral-Kalikasan Program

Ang pamahalang panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environment Resources Management Division-Office of the Governor (EERMD-GO)* ay nagdaos ng mga patimpalak kaugnay sa *2009 Aral Kalikasan Program–Information Education Communication Campaign* ng nabanggit na tanggapan na ginanap sa *Audio Visual Center*, *3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte noong Oktubre 27, 2009.

May temang: "Ating Planeta . . .Ating Tahanan . . . Problemang Pangkapaligiran . . . Solusyunan". Ang *ecological quiz* at *oratorical contests* ay nilahukan ng mga mag-aaral mula sa mga sumusunod na pampubliko at pribadong paaralang elementarya sa iba't ibang bayan sa lalawigan: 1) *Basud Elementary School;* 2) *Capalonga Elementary School;* 3)*Chung Hua High School;* 4) *Camarines Norte State College Abano Laboratory School;* 5) *C. Villagen Elementary School;* 6) *Daet Elementary School;* 7) *F. Baldovino Elementary School;* 8) *ICL School;* 9) *Jose Panganiban Elementary School;* 10) *Labo Elementary School;* 11) *La Consolacion College of Daet* ; 12) *Larap Elementary School;* 13) *Mercedes Elementary School;* 14) *Paracale Elementary School;* 15) *San Vicente Elementary School;* 16) *Sta. Elena Elementary School;* 17) *St. Luke Chris-*

(Sundan sa pahina 9)



***Pinangunahan ni Engr. Leopoldo P. Badiola, EERMD Chief; Gina Racelis ng GSO; Aida Pandeagua ng GO-MASCD, at; Darius Mirasol ng GSO (kaliwa-pakanan), ang paggawad ng tropeo, medalya at cash prizes sa mga nakakuha ng unang puwesto sa iba't-ibang kategorya ng patimpalak sa isinagawang 2009 Aral Kalikasan Program-Information Education Communication Campaign ng pamahalaan sa pamamagitan ng GO-MASCD.***

# Ho ng PGSP at CNSC nanguna sa PSQ 2009



**Monteo I. Ho.**

Nakuha ni Monteo Ho y Icatlo ng *Camarines Norte State College (CNSC)* ang unang puwesto at premyong P2,000.00 sa *Philippine Statistics Quiz (PSQ) Provincial Level* na isinagawa noong Oktubre 16, 2009 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet.

Ang ikalawa at ikatlong puwesto naman ay naiuwi ng mga kalahok na pawang mula sa *Mabini Colleges (MC)* na sina Ma. Excelsis SV. Quindara at Cristy M. Baria na tumanggap ng premyong tig-P1,500.00 at P1,000.00, ayon sa pagkakasunod.

Dahil dito, sila ang magiging opisyal na kalahok ng lalawigan ng Camarines Norte sa *PSQ Regional Level* na idaraos sa *National Economic and Development Authority Regional Office 5 (NEDA RO5)* sa Legazpi City. Ang sinumang papalaring manalo rito ang siyang kakatawan sa Rehiyong Bikol sa *PSQ National Level* na isasagawa sa hinaharap.

Sina Ho, Quindara at Baria ay kabilang sa 26 na lumahok sa naturang taunang patimpalak kung saan 9 ang mula sa *CNSC;* 10 mula sa *MC;* at 7 mula sa *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF)*.

Samantala, si Ho na anak nina Han Beng Ho at Shirley Icatlo at residente ng Brgy. Calangcawan Norte, Vinzons, ay iskolar ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)*. Siya ay kasalukuyang nasa ikalawang semestre sa unang taon niya sa kursong *Bachelor of Science in Accountancy* sa *CNSC*. Maaalaalang si Ho ay nagtapos na *1st honors* sa *Vinzons Pilot Elementary School (VPES)* noong SY 2004-2005, at *3rd honorable mention* naman ng magtapos sa *Vinzons Pilot High School (VPHS)* noong SY 2008-2009. Maliban dito, tinanghal din si Ho na *Outstanding Science Quizzer* at nakapasa sa *entrance examination* ng *University of the Philippines (UP)* subali't mas pinili nito na dito na lang sa ating lalawigan mag-aral ng kolehiyo.

Bilang karagdagan, ang nasabing patimpalak ay bahagi pa rin ng 1-buwang selebrasyon dito ng *20th National Statistics Month* at *National Children's Month* na may temang:*"Enhancing Security Sector Statistics for Good Governance, Peace and Sustainable Development"*, at *"Bright Child:* Proteksyon ng Bata, Pananagutan ng Bansa", ayon sa pagkakasunod. **LT IBASCO**




***Ang kampeon sa PSQ Provincial Level na si Monteo I. Ho (pangatlo mula sa kanan) kasama sina Ma. Excelsis SV. Quindara (dulong kanan) at Cristy M. Baria (ika-apat mula sa kaliwa) na nakuha ang ikalawa at ikatlong puwesto nang tanggapin ang kanilang kaukulang tropeyo kasama ang iba pang kalahok gayundin ang kanilang mga coaches.***

# PHO mamimigay ng mga bitamina para maiwasan ang micronutrient malnutrition



**Arnulfo G. Salagoste, MD**
Provincial Health Officer

Ang mga mahihirap na mamamayan ng lalawigan ng Camarines Norte, bata man o matanda, ay nakararanas ng kakulangan sa wasto at sapat na nutrisyon dahil sa problemang pampinansyal.

Dito ay nanganganib sila mula sa *nutritional deficiencies* tulad ng kakulangan sa bitamina A *(vitamin A deficiency* o *VAD), iron deficiency anemia (IDA)* at *iodine deficiency disorders (IDD)*. Ang *micronutrient deficiencies* ay nagbubunga ng maraming masamang epekto sa kalusugan na kung minsan ay nagiging permanente. Nag-aambag ito sa pagtaas ng insidente ng pagkakasakit at pagkamatay ng mga nagdadalantao.

Dahil dito, ipatutupad ng pamahalaang panlalawigan ang proyektong *Prevention of Micronutrient Malnutrition* na isasagawa ng *health sector* ng *Provincial Health Office (PHO)* at kaukulang *rural health units (RHUs)* sa lalawigan lalo na sa mga *disparity areas* na saklaw ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)*.

Layunin nito na mapaunlad ang kalagayang pangnutrisyon ng mga nagdadalantao, sanggol, *pre-school* at *school children* gayundin ang pagpapababa sa kaso ng pagkakasakit o pagkamatay sa kanilang hanay pati na ang mga sanggol na sumususo sa kanilang ina.

Kaugnay nito, naglaan ng pondo ang pamahalaang panlalawigan mula sa *20% development fund (CPC 6 province counterpart)* para ibili ng mga tabletang ipamimigay nito tulad ng bitamina A gayundin ang *ferrous sulfate (chocolate coated)* para sa mga buntis at bagong panganak na kababaehan sa lalawigan.

Bilang karagdagan, nakita naman na ang pagbibigay ng *vitamin A supplementation* ay nakapipigil hindi lamang sa paglaganap ng *vitamin A deficiency (VAD)* kundi pati na sa pagpapababa sa insidente ng pagkamatay sa hanay ng mga kabataan sa mga *high-risk areas*.

Samantala, ang *iron deficiency anemia (IDA)* ay nakaaalarmang uri ng *micronutrient deficiency*. Ito ay isang kundisyon kung saan ang *hemoglobin level* na siyang *red coloring* ng dugo ay mas mababa kaysa sa normal na *level* nito na kulang sa 120 gramo kada litro ng dugo. Nangyayari ito kapag halos lahat na nakaimbak at panustos na *iron* o *ferritin* ng ating katawan ay nagamit na dahil sa hindi sapat na dami ng *iron* na nakukuha natin mula sa mga pagkain o *iron supplements* man.

Ang mga pagkaing mayaman sa *iron* ay nakukuha sa *liver, heart, kidney, lean meat*, at mga madahon at dilaw na gulay. Dapat ding isama ang mga pagkaing mayaman sa bitamina C tulad ng kasoy, mangga, bayabas at papaya para makatulong sa mas maayos na pag-*absorb* ng katawan sa *iron*.

(Sundan sa pahina 9)

## Provincial Jobs...

(Mula sa pahina 2)

pan para matiyak na ang mga nag-aaplay ng trabaho ay walang kinakaharap na kaso-kriminal, administratibo o sibil man.

Samantala, ang mga nagsipagtapos naman ng alinmang *TESDA vocational courses* ay pinayuhang magparehistro sa *TESDA Provincial Office, 2nd Floor Forable Bldg., Daet, Camarines Norte* o sa *TESDA Provincial Training Center* sa Brgy. Iberica sa bayan ng Labo. Para sa kumpletong-detalye kaugnay nito, pinayuhan ang mga kinauukulan na makipag-ugnayan kay *Provincial PESO Manager* Nida Navarro-Tosoc o sa nabanggit na tanggapan ng *TESDA* sa Labo.

Bilang karagdagan, ang mga bakanteng trabaho sa ilang tanggapan dito na napasukan ng ilan nating mga kababayan ay ang mga sumusunod: *Graceland Food Industries, Inc. – service crew, marketing coordinator* at *management trainee*; *TSPI Devt. Corporation – account officers, insurance officer, accounting asst., clerks, agricultural account officer, technical support analyst, branch managers, project officers, junior auditor, human resource specialist* at *recruitment manager*; at *The Generics Pharmacy - licensed pharmacist* at *pharmacy assistants*.




Ang mga kumpanya namang nakilahok sa *jobs fair* at nag-alok ng trabaho sa iba't-ibang bansa ay ang mga sumusunod: **3R International Manpower Services:** Oman – *center managers, auto mechanic, auto electrician* at *window tinters*; at Taiwan – *factory workers, nursing aide* at *caretakers*; **Maanyag International Manpower Corp.:** Singapore – *household service workers* at *domestic helpers*; **Active Works Inc.:** *California, USA – registered nurses with CGFNS, NCLEX, IELTS, computer engineers/ programmers,* at *cabinet makers; Australia – carpenters, chefs, hairstylist, auto mechanics*, at *computer programmers; Singapore – motor vehicle technician, vehicle inspectors, aircon technicians, waiters/waitresses, receptionist, mechanical* at *electrical engineers, welders, diamond setters*, at *financial managers; Jordan – marketing managers, waiters/waitresses, bartenders, floor supervisor* at *service engineers; Dubai – sales supervisors, interior designers, 3D visualizers, project engineers* at *marketing coordinators; Malaysia – welders, pipe fitters, agricultural workers, resort workers, engineers* at *computer programmers;* at sa *Taiwan – factory workers* at *caregivers*; **Helal Manpower Agency (Qatar)** – *aircon technician, electrician, plumber, quantity supervisor, site supervisor, car mechanic, male flower arranger*, at *civil, mechanical* at *electrical engineers*; **Worldview International Services Corp. (Hongkong, Malysia, Taiwan)** – *domestic helpers* at *factory workers*; **AU Management Services, Inc. (Kingdom of Saudi Arabia)** – *nurses, carpenters, welders* at *plumbers*, at *factory workers* sa Taiwan; at **OTG International Placements Agency (Kingdom of Saudi Arabia)** – *nurses, medical technologist/laboratory technician; doctor/dentist, engineers -civil, mechanical, industrial, electrical* at *geodetic; chemists, architects, trainer drivers, dump truck drivers, transit mixer driver, grader operator, bulldozer operator, pay loader operator, backhoe operator, crane operator, asphalt paver operator, machine operator, laborers, mason steel fixer, carpenter,*

(Sundan sa pahina 8)


## CPC 6 project areas ...

(Mula sa pahina 3)

Osmeña. Nagtungo rin sila sa bayan ng Paracale kung saan pinuntahan nila *ang disparity area* roon, ang Brgy. Batobalani, na nasalanta rin ng bagyong 'Santi'.

Nagtungo rin ang grupo sa bayan ng Vinzons at inobserbahan ang pagpapatupad nito ng *Child-Friendly School System (CFSS)/Non-Impact School* sa Sto. Domingo *Elementary School* sa Brgy. Sto. Domingo. Nagtungo rin sina Travis sa Brgy. Calangcawan Norte at tiningnan ang *Water and Sanitation (WATSAN) Project* na ipinatupad sa Calangcawan Norte *Elem. School* at nakadaupangpalad ang mga inang kabilang sa *Breastfeeding Support Group* ng naturang barangay.

Kinabukasan, Nobyembre 11, pinuntahan ng grupo ang *Early Childhood Care and Development (ECCD)/ Starbucks ECCD Project* sa Brgy. San Roque, Mercedes. Kasunod nito, binisita nila ang *Supervised Neighborhood Play (SNP)/ECCD* sa Brgy. San Isidro, Daet. Nagtungo rin sila sa *ECCD training of Day Care Workers (DCWs) and Preschool Teachers* na isinagawa sa *Wiltan Hotel,* Daet. Huli nilang binisita ang *Halfway Home* sa Brgy. Bagasbas, Daet kung saan nakita nila ang kalagayan ng naroroong mga kabataan at kababaehan na naging biktima ng iba't-ibang uri ng karahasan at pang-aabuso. ***LT IBASCO***



# Mga piling larawan

*1) Nakiisa ang JCIP-Daet Bulawan Jaycees sa pamumuno ng kanilang pangulo na si Viviene Castro (pangalawa sa kaliwa) sa pagbibigay-aliw at libreng pagkain sa mga kabataang dumalo sa pagbubukas ng bagong Bagasbas Beach Park sa Brgy. Bagasbas, Daet na proyekto ng pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.; 2) Ang bagong lagay na mga decorative lightings sa Daet Bridge No. 2 na ipinagawa ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. upang maging maliwanag ito para sa mga dumaraang motorista; at mga tumatawid sa nasabing tulay; 3) Itinuturo ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at Edgardo "Boy" Reyes-Provincial Tourism Officer-designate sa mga piloto ng Huey Helicopter ng Philippine Air Force ang ruta patungong Brgy. Calaguas, Vinzons na pagdadalhan nila ng mga relief goods; 4) Ang mga saku-sakong bigas na isinasakay sa helicopter na dadalhin sa Calaguas Island upang ipamahagi sa mga nasalanta ng bagyong "Santi"; 5) Tinatanggap nina SP Members Jonah G. Pimentel at Teresita Malubay mula kay DSWD R-5 ARD Evelyn Lontok ang ilan sa mga kahun-kahong relief assistance na naglalaman ng mga gamot at iba pang basic commodities na bahagi ng relief caravan na isinasawa ng DSWD para sa mga nasalanta ng sunod-sunod na bagyo at walang humpay na pag-ulan sa lalawigan.*















# Semi-Annual...

*(Mula sa pahina 4)*

*Philippine National Police (PNP)*.

Naging sentro ng dayalogo ang mahahalagang isyu at usapin patungkol sa paghawak sa mga kaso ng mga kabataan bilang biktima ng pang-aabuso o kaya'y mga nagkasala *(children in conflict with the law* o *CICL)*. Kaugnay nito, tinalakay muli ang pinakamahahalagang probisyon ng *Republic Act No. 9344* o *An Act Establishing A Comprehensive Juvenile Justice And Welfare System, Creating The Juvenile Justice And Welfare Council Under The Department Of Justice, Appropriating Funds Therefor And For Other Purposes*.

Ayon sa grupo, ang naturang batas ay nagsusulong sa *restorative justice* para matulungan ang mga *children in conflict with the law (CICL)* at hindi para parusahan sila dahil sila ay kadalasang nagiging biktima lamang ng pagkakataon at nalalabag ang batas dahil sa udyok ng mga nakatatanda na nagsasamantala sa kanilang kahinaan.

Dapat din umanong magkaroon ng *intervention mechanism* sa bawat komunidad para sa rehabilitasyon ng mga *CICL* at mapigilan ang pagdami nila. Inaasahan na sa pamamagitan nito, mapapanumbalik ang nasirang relasyon sa pagitan ng mga biktima at maysala. Isusulong din ng grupo ang pagsasagawa ng serye ng *mediation and conciliation* sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad, mga biktima at nagkasala.

Pinag-usapan din sa dayalogo ang mga programa, proyekto at gawaing ipinatupad ng bawat *pillar of justice* gayundin ang mga *updates* sa mga gagawing plano na una nang napagkasunduan sa nakaraang dayalogo. Kabilang dito ang dayalogong isinagawa ng *Provincial Health Office (PHO)* at *Municipal Health Officers (MHOs)* sa mga miyembro ng Sangguniang Bayan (SB) sa iba't-ibang bayan dito.

Kaugnay nito ay nagkaroon kamakailan ng pulong kasama ang hepe ng *Medico Legal Division* ng *National Bureau of Investigation Regional Office V (NBI RO5)* kung saan dalawang (2) *MHOs* ang nagpahayag ng interes na sumailalim sa kaukulang pagsasanay.

Lumabas din sa dayalogo na ang pangunahing problema sa implementasyon ng *RA 9344* ay ang hindi aktibong partisipasyon ng mga *chiefs of police (COPs)* na mga *WCCDs* lamang ang pinadadalo sa mga miting. Dahil dito, hihilingin ng grupo na ang mga *COPs* mismo ang dumalo sa mga pulong para ang mga isyu at usapin kaugnay sa tungkulin at responsibilidad ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ay mabigyan ng agarang katugunan.

Kaugnay nito, magpapasa ng resolusyon ang *pillars of justice* para hikayatin ni *PNP Provincial Director* Emmanuel I. Talento ang mga *COPs, police investigators*, at lahat ng kababaehang pulis at bigyan ng oryentasyon ang mga ito ukol sa nasabing *RA 9344, RA 9208 - An Act to Institute Policies to Eliminate Trafficking in Persons Especially Women and Children, Establishing the Necessary Institutional Mechanisms for the Protection and Support of Trafficked Persons, Providing Penalties for its Violations, and for Other Purposes)* na mas kilala bilang *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003*, at *RA 9262* o ang *"Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004*.

Ipapasa rin nila ang isang resolusyon para hilingin sa lahat na pamahalaang lokal na ipatupad ang *Family Courts Act* at ang seksyon 49 ng RA 9344 na nagsasabing dapat silang magtayo ng *youth detention homes*. Kabilang din dito ang kahilingan sa mga pamahalaang lokal na magtalaga ng kawani para dito. Ang *youth detention homes* ay maaari ring itayo ng pribadong samahan at *non-government organizations (NGOs)* na lisensyado at akreditado ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)*, na kinunsulta ang *JJWC*.

Sa pamamagitan din ng isang resolusyon, hihikayatin nila ang mga punong barangay, COPs, at mga punong bayan na magsumite ng *quarterly report* sa *PCWD* ukol sa mga kasong kinasasangkutan ng mga kabataan. Ipapasa rin nila ang resolusyon na humihiling sa 12 punong bayan dito na maglaan ng pondo para sa pagsasanay ng kani-kaniyang *municipal health officers (MHOs)* bilang mga *medico-legal officers* na nag-aasikaso sa mga biktima ng panggagahasa sa sarili nilang lugar.

Ang naturang *semi-annual dialogue* ay isa sa mga aktibidad na isinagawa sa selebrasyon dito ng *National Children's Month* na may temang, "*Bright Child*: Proteksyon ng Bata, Pananagutan ng Bansa". Isinagawa ito sa ilalim ng proyektong *Legal Protection and Justice System for Children* na bahagi ng *6th Country Programme for Children (CPC 6)*.

Ito ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at *United Nations Children's Fund (UNICEF)* sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* at sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang panlalawigang tanggapan at pambansang ahensya. ***LT IBASCO***

# CNorte Gold Exhibit...

*(Mula sa pahina 4)*

*ning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, ay nag-*conceptualized* ng isang *high end project* na magpapakilala sa yaman ng probinsya at kakayahan ng mga *goldsmith* o panday sa paggawa ng de-kalidad at bagong mga disenyo ng mga alahas.

Sa pakikipagtulungan sa isang *internationally recognized multi-media artist* na tubong Camarines Norte sa katauhan ni Dr. Joaquin Gasgonia Palencia, na siyang kumatha ng mga bagong disenyo ng mga alahas, gayundin sa pakikipag-ugnayan sa *Camarines Norte Jewelry Producers Association, Inc. (CNJPAI)* na siyang nagsagawa ng mga bagong di-senyo ng alahas, at sa mga *gold sponsors* na siyang namuhunan para sa gintong gagamitin, ang *Camarines Norte Gold Jewelry Show* sa *Ayala Museum* ay matagumpay na naisakatuparan.

Bago ang *highlight* ng nasabing *Gold Jewelry Show* sa *Ayala Museum*, isinagawa muna ang isang *Press Preview* sa *La Regallade French Bistro* sa *Quezon City* noong Agosto 26, 2009 kung saan inimbitahan ang ilang mga mamamahayag mula sa *print and broadcast media* upang makatulong sa promosyon sa naturang *gold exhibit* ng Camarines Norte. Sa nasabing *Press Preview*, ipinakita ang mga bagong alahas na idinisenyo ng *featured artist* na isinuot ng mga naggagandahang dilag ng Camarines Norte sa isang *fashion show*. Kabilang sa mga bagong disenyo na hango sa mga temang pangkalikasan at pangkultura ng Camarines Norte ay ang mga sumusunod: ***Alon Balisoso, Hinagot, Ilog, Pabitin, Pinalaspas, Pinalay* at *Sinaha.***

Ang siyam na araw na *Gold Jewelry Show* na ginanap sa *Artist Space* ng *Ayala Museum* ay nagsimula noong Nobyembre 4, 2009 sa ganap na ika-anim ng gabi sa pama-magitan ng isang *cocktail party*. Ang *ribbon cutting ceremony* ay pinangunahan ng *guest of honor* sa katauhan ng magandang Kongresista ng Lalawigan ng Tarlac na si Kagalang-galangang Monica Prieto-Teodoro. Kasama niya sa nasabing gawain sina Bokal Jonah Pimentel bilang kinatawan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., *Dir.* Ernesto Pardo ng *DTI Provincial Office* at ang *featured artist* na si Dr. Joaquin Palencia.

Dumalo rin sa nasabing pagtitipon ang ilang mga opisyales ng lalawigan na sina Bokal Arthur Michael Canlas, Bokal Jeffrey Pandi, Bokal Jose Se-

***(Sundan sa pahina 9)***

# Provincial Jobs...

***(Mula sa pahina 6)***

*plumber, pipe fitter, aircon technician, building electrician, industrial electrician, diesel mechanic, auto electrician, general electrician, utility helper, photocopier technician, saleslady, telephone operator, janitress, clerk, juice makers, service crew, secretary* at *counter clerk*. ***LT IBASCO***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Medical Officer IV | 4034 | 20 | | 2 | PHO-CMCH | Doctor of Medicine | One (1) year of relevant experience | Four (4) hrs of relevant training | R.A.1080 | |
| Chief of Hospital I | 4032 | 24 | | 2 | PHO-LDH | Doctor of Medicine | Two (2) years of relevant experience | Eight (8) hrs of relevant training | R.A. 1080 | |
| Laundry Worker II | 4207 | 3 | | 1 | PHO | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| Laundry Worker I | 4210 | 1 | | 1 | PHO | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| 1 Casual 1 Security Guard | | 3 | | 1 | PGCN | High School Grad | None required | None required | Security Guard License | |
| Admin. Officer IV | 5504 | 15 | | 2 | PGCN | Bachelor's Degree | 1 yr. relevant experience | 4 hrs. of rel. training | CS professional Second Level Eligibility | |
| Admin. Officer II | 5020 | 11 | | 2 | PGCN | Bachelor's Degree | None required | None required | CS professional Second Level Eligibility | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# Ecological quiz at Oratorical contests...

**(Mula sa pahina 5)**

*tian School and Learning Center*; 18)*Talisay Elementary School*; 19) *Tulay na Lupa Elementary School*; at 20) *Vinzons Pilot Elementary School*.

Bilang dagdag-kulay sa idinaos na patimpalak para sa mga kabataang mag-aaral, nagkaroon din ng paligsahang tinaguriang *"Enviromental Awareness Challenge for Teachers* o *"E-ACT"* para naman sa mga guro sa mga paaralang nabanggit sa itaas.

Kaugnay nito, ang mga nanalo ay ang mga sumusunod: *Ecological Quiz Contest:* *1st Prize* – Ramon Anthony Guinto ng Vinzons *Pilot High School; 2nd Prize* – Mark Joseph I. Macatangay ng Talisay *Elementary School;* at *3rd Prize* – Montaige Allane E. Samson – Mercedes *Elementary School;* *Oratorical Contest*: *1st Prize* – Jericho E. Estanislao ng Sta. Elena *Elementary School; 2nd Prize*- Nikko Pepito ng C. Villagen *Elementary School;* at *3rd Prize* – Jeffrey de Leon ng Basud *Elementary School;* *E-ACT:* *1st Prize*- Myrna D. Villagen - Paracale *Elementary School; 2nd Prize* – Aileen E. Adolfo- Daet *Elementary School*; at *3rd Prize*- Rolly Torero- Larap *Elementary School*.

Kaugnay nito, pinagkalooban ng gantimpalang tig-P3,000.00 at gintong *(gold)* medalya ang nagwagi ng unang puwesto para sa bawat patimpalak na nabanggit. Ang nakakuha naman ng ikalawang puwesto ay tumanggap ng pilak *(silver)* na medalya at premyong P2,000.00, at P1,000.00 naman at bronseng medalya para sa nakapag-uwi ng ikatlong puwesto. Sila rin ay pawang tumanggap ng mga kaukulang tropeo at sertipiko.

Samantala, ang mga nanalo naman ng una, ikalawa at ikatlong puwesto sa *E-ACT* ay binigyan ng kaukulang *certificate of commendation* at gantimpalang salapi na tig- P3,000.00, P2,000.00 at P1,000.00, ayon sa pagkakasunod. Pinagkalooban naman ng tig-iisang sipi ng *Republic Act No. 8749* o *Philippine Clean Air Act of 1999* ang mga nakapag-uwi ng ika-apat at ika-limang pwesto.

Kabilang sa naging mga hurado sa mga patimpalak ay ang mga sumusunod: *Oratorical Contest* - Concepcion Romero, *DENR-CENRO*; Raphy Belardo ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*; at Amelia M. Lopez ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*; *Ecological Quiz* - Aida B. Pandeagua ng *Museum Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)*, at Darius Mirasol at Gina B. Racelis ng *General Services Office (GSO)*.

Bilang karagdagan, sa programang isinagawa bago ang mga patimpalak; nagbigay ng pambungad na pananalita si Engr. Gerardo G. Quiñones, *Executive Assistant IV* ng G.O.. Sinabi niya na ang naturang aktibidad ay mabisang paraan upang mapukaw ang murang isipan at kamalayan ng mga kabataan tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran at mga likas-yaman nito. Idinagdag nito na dapat nang kumilos ang lahat ngayon dahil nararanasan na natin ang sobrang init at pabagu-bagong panahon na epekto ng pagsira at pag-abuso natin sa kapaligiran. Ipinaabot din niya sa lahat na dumalo ang malugod na pagtanggap sa kanila ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. na nasa opisyal na gawain.

Ipinaliwanag naman ni Engr. Leopoldo P. Badiola ang kabuuan ng programa kung saan ito aniya ay unang idinaos sa pamayanan kung saan ipinatutupad ang proyektong pangkapaligiran ng Pamahalaang Panlalawigan. Sa mga sumunod na taon, pinalawak ito hanggang ang lahat na pampubliko at pribadong paaralan sa lalawigan ay naging kalahok sa mga patimpalak. Ito ay sa layuning mapalawak ang kamalayan ng mga kabataan sa kahalagahan ng kapaligiran at mahubog sila bilang aktibo at responsableng tagapangalaga ng kalikasan bilang mga susunod na tagapagmana nito. ***(GC BINAY)***

# Bicol RIACAT-VAWC ...

**(Mula sa pahina 10)**

*(DSWD), Rehyon 5* sa pamumuno ni Regional Director Remia Tapispisan, bilang pagsunod sa *Presidential Proclamation 1172 s. 2006* na nagdeklara sa panahong nabanggit para sa pagsasagawa ng mga gawaing angkop dito.

Itinampok sa gawain ng nasabing kampanya na may temang: "*Commit-Act-Demand: We Can End Violence Against Women*", ang *foot parade simulang* Camp General Simeon Ola sa Daraga City hanggang sa Albay *Astrodome* sa Legazpi *City* na dinaluhan ng mga kinauukulang kawani ng *regional offices* ng mga kagawarang pangnasyonal at kabilang din dito ang mga *local government units* (LGUs) at mga *non-government organizations (NGOs)* tulad ng *Men Opposed to Violence Against Women Everywhere (MOVE)*, *Good Shepherd Home*, GALAK, atbp. Sa nasabing programa ay nagbigay ng mensahe ng pagtanggap si *DSWD Asst. Regional Director* Evelyn M. Lontok; *Situationer on VAWC Cases in Region V - PS/ Insp.* Marlyn S. Abah, *Chief, WCPD, PRO5; Situationer on Trafficking - CAO IV* Purita P. Briñas ng LGU Camarines Norte at *Vice Chairperson* ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT) National Campaign Council; Salient Features of RAs 9262 & 9208 – State Prosecutor* Joyce O. Guerrero ng DOJ, at; *Livelihood Programs - Trade Industry Development Specialist* Victor Emmanuel S. Castro. Nagkaroon din ng pagpili at *awarding of prizes* sa *Best Slogan* na pinangunahan ni Ms. Briñas, Ms. Aida Alcazar -Naz ng *Philippine Information Agency (PIA) - R5*, at Ms. Nida Macinas ng *DSWD R5*. Ang pinakatampok sa lahat ay ang paglalakip ng lagda sa isang napakalaking *tarpaulin* na naglalahad ng pangakong hindi lang pagsusulong kundi pagtupad din sa *Philippine Human Rights Standard (PHRS) Guidelines in the Protection of Trafficked Children* na ipinaliwanag ni Ms. Briñas at agad namang linagdaan ng lahat na nagsidalo sa nasabing gawain susog sa temang: "*Proteksyon ng Bata, Responsibilidad ng Lahat, STOP Child Trafficking*" para sa December 12 na itinakdang "*International Day Against Trafficking*" na pagtatapos ó huling araw ng nasabing 18-araw na kampanya.




***Ang mga miyembro ng Men Opposed to Violence Against Women Everywhere (MOVE) na mga kagawad ng pulisya sa PNP Regional Command, Legazpi City habang naghahanda sa foot parade sa paglulunsad noong Nobyembre 27, 2009 ng 18-Day Campaign to End Violence Against Women & Children . Ang pagdiriwang ay magtatapos sa December 12, 2009 sa pagselebra naman ng International Day Against Trafficking.***

# CNorte Gold Exhibit...

**(Mula sa pahina 8)**

gundo, Bokal Elpidio Tenorio at Bokal Teresita Malubay. Kabilang din sa mga naging panauhin si *DTI Regional Director* Dr. Jocelyn LB Blanco, at ilang mga prominente at kilalang tao sa Metro Manila.

Ipinamalas ng mga bisita ang kanilang paghanga sa mga alahas na itinampok sa *Jewelry Show* kung saan sa pagbubukas pa lamang ng *exhibit* ay umabot na sa isang daan at limampung (150) panauhin ang bumili at umorder ng mga alahas na kabilang sa naturang eksibit.

Inaasahan na ang naturang eksibit ang magbubukas ng bagong pag-asa sa *Gold Jewelry Industry* ng probinsya ng Camarines Norte na isa sa mga natatanging proyektong itinataguyod ng *CNIIB*. Sa pamamagitan din nito, mas makilala ang ating probinsya sa industriya ng pag-aalahas, tataas ang antas ng pamumuhunan sa naturang industriya at makapagbibigay ng trabaho sa lalawigan tungo sa maayos na pamumuhay ng mga mamamayan lalung-lalo na sa ekonomiya ng mga *gold-producing municipalities* dito sa Camarines Norte. ***MIKE TOTANES***

# PHO mamimigay ng mga...

**(Mula sa pahina 6)**

Ang pag-inom naman ng mga *iron supplements* ay nakapipigil sa paglaganap ng *anemia* maliban pa sa nakatutulong ito sa ating *mental performance* gayundin sa pagpapababa ng panganib natin mula sa impeksyon, pagkakasakit at/o pagkamatay. Ilan sa mga sintomas ng taong may *IDA* ay ang pagkakaroon ng mahinang pangangatawan, madaling mapagod, nakakaramdam ng pagkahilo, kawalan ng gana sa pagkain, at mahirap makatulog.

May posibilidad na magkaroon ng *IDA* ang mga taong nangangailangan ng mas maraming *iron* sa katawan lalo na ang mga nagdadalantao, nagpapasusong ina at lumalaking mga bata. Sinumang indibidwal ay maaaring dapuan nito kung kulang o hindi sapat ang *iron* na nakukuha natin mula sa mga pagkain at *food supplements*. Kabilang din dito ang mataas na antas ng pagkawala/pagbawas ng ating dugo dahil sa *parasitism*, *menstruation* at panganganak gayundin ang *poor iron absorption* ng ating katawan. ***LT IBASCO***




BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

Matagumpay na naisagawa, nag-ani ng papuri at nagbukas ng bagong daan para sa lalawigan ng Camarines Norte ang **Bulawan:** *The Gold of Camarines Norte Exhibit* na isinagawa sa *Artist Space Ayala Museum, Manila* noong Nobyembre 4 -12, 2009.

Sa layuning mapaunlad ang industriya ng *gold jewelry* ng Camarines Norte at makilala ang lalawigan bilang isang lugar na mayaman sa *metallic mineral re-*

(Sundan sa pahina 4)

# CNorte Bulawan Gold Exhibit

## Nagbukas ng Bagong Oportunidad sa Probinsya






*Ang bukana ng Artist Space Ayala Museum, Manila kung saan ginanap ang* **Bulawan:** *The Gold of Camarines Norte Exhibit noong Nob. 4-12, 2009. Ang ribbon-cutting ceremony ay pinangunahan ng guest of honor na si Tarlac Congresswoman Monica Prieto-Teodoro katuwang sina Bokal Jonah Pimentel bilang kinatawan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. (ikalawa mula sa kanan); Camarines Norte DTI Provincial Director Ernesto Pardo (dulong kanan); at ang featured artist na si Dr. Joaquin Palencia (dulong kaliwa).*

# Bicol RIACAT-VAWC naglunsad ng 18-Araw na Kampanya

## Laban sa Karahasan sa mga Kababaihan at Kabataan

Ginanap noong ika-27 ng Nobyembre 2009 sa lunsod ng Legazpi ang paglulunsad ó *kick off* ng 18-araw na kampanya upang wakasan ang karahasan laban sa mga kababaihan. Ito ay pinangunahan ng *Regional Inter-Agency Council Against Trafficking – Violence Against Women and their Children* (RIACAT-VAWC) sa pamamagitan ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan

(Sundan sa pahina 9)



*Ang mga dumalo sa kick-off activity ng 18-araw na kampanya habang naglalakip ng kanilang lagda sa tarpaulin na naglalaman ng kanilang pangakong isusulong at ipatutupad ang pagbibigay-proteksyon sa mga karapatan ng mga batang biktima ng trapiking. Sa kanang larawan: Si CAO IV Purita Briñas ng Governor's Office-Camarines Norte na Vice Chairperson ng PACT National Campaign Council habang iniaabot ang cash prize sa nanalo sa slogan contest katuwang si Gng. Aida Alcazar-Naz ng Philippine Information Agency (PIA) Rehyon 5.*